

Paraan ng Paggawa ng Kompos Mula sa Bukid na Walang Irigasyon o patubig

1. Sa panahon ng pag-aani, iwasan ang pagsunog ng dayami, ikalat ito sa mga pinitak.
2. Papasukin kaagad ang tubig sa pinitak at bayaang mababad ang dayami ng 12 oras. Palabasin ang sobrang tubig.
3. Isunod na isabog ang tuyong dumi ng hayop (manok, baboy, kalabaw o baka) at halamang mayaman sa nitrohenong tulad ng ipil-ipil, azolla, sesbania, mungo, peanut, cowpea, soybean kakawate (madre de cacao), acacia at iba pa. Maari ring gumamit ng patabang urea bilang pamalit sa mga nabanggit na halamang mayaman sa nitrohenong.
4. Idilig ang kinanaw na Trichoderma (Compost Fungus Activator of CFA) sa binasang dayami. Inirerekomenda ang paggamit ng tatlong (3) bote ng aktibeytor kada isang toneladang dayami.
5. Panatilihin mamasa-masa ang mga dayami. Pagkalipas ng isang linggo kapag natuyuan papasukin muli ang tubig mula sa irigasyon para mabasang muli ang mga dayami. Bayaang mababad ng anim (6) na oras ang mga dayami upang mapabilis ang pagkabulok.
6. Pagkaraan ng tatlong (3) linggo, maaari ng simula ang pag-aararo ng bukid. Bulok na ang mga dayami at maari na itong ihalo sa lupa.

Halaw sa:

“Ang Mabilis na Paggawa ng Kompost sa Tubigan sa Panahon ng Tag-ulan”, Dr. Virginia C. Cuevas, Unang Edisyon, 1992

Muling ipinalimbag ng:



Department of Agriculture
Regional Field Office 4-MIMAROPA
4th flr. ATI Bldg., Elliptical Road Diliman, Quezon City



TRICHODERMA KOMPOS

ANO ANG TRICHODERMA?

Ang Trichoderma harzianum ay isang uri ng fungus at kilala rin sa tawag na Compost Fungus Activator (CFA). Ito ay pure culture na pinatubo sa agar-oatmeal medium na kasing bisa ng powder form.

Sa tamang moisture content, mabisa at malaki ang naitutulong nito sa pagpapabilis ng dekomposisyon o pagkabulok ng tinatawag na lignocellulose material tulad ng dayami, busal at tangkay ng mais, sapal ng tubo, damo, tuyong dahon, tira-tirang pagkain at dumi ng hayop. Kumpara sa tradisyunal na paraan ng pagpapabulok ng matagal ng tatlo hanggang apat (3-4) na buwan, sa pamamagitan ng paggamit ng Trichoderma, napapabilis nito ang pagkabulok mula tatlo hanggang apat na linggo (3-4) lamang.

ANO ANG KOMPOS?

Ang kompos ay isang uri ng pataba (organic fertilizer) na nagmula sa nabulok na mga halaman, basura, dumi ng hayop at anumang uri ng organikong material.

MGA KAPAKINABANGAN SA PAGGAMIT NG KOMPOS

a. Madaliang Pakinabang (Immediate Benefits)

1. Mababawasan ang paggamit ng komersyal na abono hanggang 50%. Bababa ang gastos ng produksyon ng pagkain.
2. Kapag sinusunod ang rekomendasyon na gamitin ang kompos bago itanim ang halaman at sabugan ng inorganikong pataba na kalahati sa dating dami ng ginagamit (50% of the recommended rate) pagkaraan ng 30-45 araw ng pagkatanim tataas ang ani mula 10-15% sa palay at hanggang 50% sa gulay. Tataas ang kita ng magsasaka.

b. Pangmatagalang Pakinabang (Long-term Benefits)

1. Pinatataba ang lupa.
2. Pinagaganda ang hipo (texture) at bungkal (tilth) ng lupa.
3. Pinabubuti ang daloy ng hangin at kapasidad na humawak ng tubig (water-holding capacity).
4. Napapatigil ang pag-asim at alkalinidad ng lupa.
5. Walang polusyon na ibinibigay sa kapaligiran, tao, hayop at halaman (no pathogenic effect).
6. Tataas ang kakayahan ng magsasaka na umasa sa sarili (increase self-reliance).

PAGGAWA NG KOMPOS MULA SA BASURA SA BUKID

(Agricultural Waste Composting)

Mga Gamit na kailangan

1. Isang lugar na malalim at di binabaha na may sapat na tubig para sa paggawa ng kompos.
2. Dayami, damo, sapal ng tubo, tangkay at busal ng mais, at iba pang labi ng halaman na mabilis mabulok.
3. Halamang mayaman sa nitrohen (ipil-ipil, azolla, sesbania, mungo, mani, kakawate, cowpea, soybean, at iba pa).
4. Dumi ng hayop (manok, baboy, kalabaw o baka).
5. Compost Fungus Activator (Tricho).
6. Malaking plastic o sako (pantakip).

Paraan ng Paggawa ng Kompos Mula sa Bukid na Walang Irigasyon o patubig

1. Pumili ng lugar na may sapat na tubig na gagamitin. Kailangan ang sukat na 2x6 m o 12 metro kwadrado bawa't isang tonelada ng dayami.
2. Tipunin ang lahat ng kailangang gamit.
 - a. Dayami, damo, sapal ng tubo, tangkay o busal ng mais, o anumang labi ng halaman. Ibadad sa tubig ng 12 oras. Tadtarin ang mga gagamitin para sa mabilis na pagkabulok.
 - b. Tuyong dumi ng manok. Maaari ding gamitin ang pinaghalong dumi ng manok, baboy, baka at iba pa.
 - c. Tatlong (3) bote ng Tricho: Ihalo sa 60 litro ng tubig at ipandilig sa isang (1) toneladang dayami. Ubusin lahat ng tinimplang Trico.
3. Gumawa ng anim (6) na suson ng gamit na kompos (25 sentimetro ang kapal ng bawa't isang suson).

1 suson = 3 bahagi ng dayami at 1 bahagi ng dumi ng hayop at halamang mayaman sa nitrohen
4. Diligan ang bawa't isang suson ng kompos ng mga 10 litro tubig na hinaluan ng Tricho.
5. Diligan ng katamtaman ang kompos. Iwasan ang sobrang dilig upang hindi tumapon ang sustansya. Lagyan ng takip na plastik o sako upang tumaas ang temperatura, at maiwasan ang sobrang tubig kung panahon ng tag-ulan.
6. Baligtarin/haluin ang kompos, makaraan ang dalawang (2) linggo upang lalong mapabilis ang pagkabulok.
7. Pagkaraan ng apat (4) na linggo, pwede ng hanguin ang kompos at maaari nang gamiting pataba. Ang ganap na bulok na kompos ay kulay itim, buhaghag at walang masangsang na amoy. Ang isang toneladang dayami ay makakagawa ng walong (8) sakong kompos.
8. Paggamit: Isabog ang walo (8) hanggang sampung (10) sako ng kompos sa bawa't ektarya ng palayan bago maglinang.